# BC PharmaCare

## Coverage para sa Plagiocephaly Helmet

Kung ang iyong sanggol ay nadiyagnos ng plagiocephaly, brachycephaly, o craniosynostosis, maaaring makatulong ang PharmaCare sa pagbayad para sa isang helmet para sa kanya.

### Paano makakuha ng tulong sa pagbayad para sa helmet ng iyong sanggol

1. **Bago i-order ang helmet, siguraduhing mayroon kang PharmaCare coverage.** Ang helmet ay sakop sa ilalim ng Fair PharmaCare, Plan C (B.C. Income Assistance) at Plan F (Children in the At Home Program). Kung wala kang Plan C o Plan F coverage, magrehistro para sa Fair PharmaCare sa gov.bc.ca/ahdc o tumawag sa 1-800-663-7100.

2. **Kung natutupad ng iyong sanggol** ang requirements na ito, papipirmahan sa iyo ng orthotist ang PharmaCare's Plagiocephaly Helmet form.

| | Edad sa simula ng helmet treatment | Requirements para maging kwalipikado |
|---|---|---|
| **Plagiocephaly** | Sa pagitan ng 5 buwan at 1 taon | Cranial vault asymmetry index (CVAI) na 6.25% o higit pa |
| **Brachycephaly** | Sa pagitan ng 5 buwan at 1 taon | Cranial vault asymmetry index (CVAI) na 95% o higit pa |
| **Craniosynostosis** | Sa pagitan ng 4 buwan at 1 taon | • Naoperahan na para sa kondisyon<br>• Nakasulat na referral o reseta para sa isang helmet mula sa isang pediatric neurosurgeon, at<br>• Nabigyan na ng post-operative helmet cast o scan |

   Kung **hindi** natutupad ng iyong sanggol ang requirements na nasa itaas, kailangan mo ng approval ng PharmaCare para sa coverage bago mo i-order ang helmet. Papipirmahan sa iyo ng iyong orthotist ang PharmaCare Orthotic Benefits — Application for Financial Assistance form.

3. **I-order ang helmet.** Kahit na mayroon kang coverage, maaaring kailangan mong magbayad para sa helmet at pagkatapos ay makukuha mo ang reimbursement. Ang coverage sa ilalim ng Fair PharmaCare ay depende sa kung umabot ka na sa iyong deductible o family maximum.

4. **Isubmit ang claim.** Sa karamihan ng mga kaso, isa-submit ng iyong orthotist ang claim para sa iyo. Kung isa-submit mo ang claim, ipadala ito bago dumating ng Marso 31 sa taon na kasunod ng taon kung kailan ka nagbayad para sa helmet. Ipadala sa mail ang PharmaCare invoice at resibo, at kung naaangkop, ang pahina 2 ng PharmaCare Orthotic Benefits — Application for Financial Assistance form, na nagpapakita ng approval ng PharmaCare, sa: PO Box 9655 Stn Prov Govt, Victoria BC V8W 9P2

   O i-fax ito sa 250-405-3587. Siguraduhing nakikita ang mga resibo. Sulatan ito ng PRIVATE FAX (kung ito'y pribado), nang makasagot din kami gamit ang fax.

### Para sa karagdagang impormasyon

Tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

### Online resources

- Magrehistro para sa Fair PharmaCare: gov.bc.ca/ahdc
- Ang 12 plano ng PharmaCare: gov.bc.ca/pharmacare/whowecover